Philippine Christian University
1648 Taft Avenue cor. Pedro Gil St., Malate, Manila

# Antas ng Kahusayan sa Asignaturang Filipino at Ebalwasyon ng mga Mag-aaral sa mga Guro sa Filipino tungo sa Programang Pagpapaunlad

**Jewel Reyes Pascual**
MAEd-Filipino
*Kaugnayan*
jewel.pascual@pcu.edu.ph

**Abstract**

*Ang pag-aaral na ito ay isang masusing pagsusuri sa kakayahan at kahusayan ng mga guro sa pagtuturo ng asignaturang Filipino. Nakasalalay sa mga guro ang kaalaman na ibabahagi sa kanilang mga mag-aaral, kaya naman mahalagang tukuyin ang kanilang mga antas ng kasanayan. Ang pag-aaral ay nakatuon sa pambansang isyu ukol sa kakayahan ng mga guro sa pagtuturo ng Filipino at layunin nitong matukoy ang mga aspeto ng kanilang pagtuturo na nangangailangan ng pagpapabuti, upang mapabuti ang kalidad ng edukasyon sa asignaturang ito.*

*Gumamit ang mananaliksik ng metodolohiyang sarbey na naglalaman ng mga tanong hinggil sa kasanayan sa wika, mga estratehiya sa pagtuturo, at mga opinyon ng mga mag-aaral tungkol sa kakayahan ng kanilang mga guro. Ang mga tanong ay nakatuon sa mga pangunahing bahagi ng pagtuturo, kabilang ang pag-unawa sa pagbabasa, istruktura ng wika, at pagsulat. Layunin ng pag-aaral na suriin ang ugnayan ng kahusayan ng mga guro sa akademikong pagganap ng mga estudyante sa Filipino at tukuyin kung mayroong makabuluhang relasyon sa pagitan ng dalawang baryabol.*

*Isang mahalagang aspeto ng pag-aaral ay ang pagbibigay-diin sa wikang Filipino bilang pangunahing wika ng komunikasyon sa Pilipinas. Ang pag-aaral na ito ay hindi lamang nakatuon sa akademikong konteksto kundi pati na rin sa sosyolinggwistikong aspeto, kung saan ang wastong paggamit ng wikang Filipino ay mahalaga sa paghubog ng pagkatao ng mga estudyante. Ang mga resulta ng pag-aaral ay nagbigay-diin sa mga pangunahing lugar na nangangailangan ng interbensyon, tulad ng mas maayos na estratehiya sa pagtuturo at mas mataas na antas ng pagsasanay para sa mga guro.*

*Ang mga rekomendasyon mula sa pag-aaral ay nakatuon sa pagbuo ng mga programa sa pag-unlad para sa mga guro. Kabilang dito ang mga workshop at seminar na magbibigay ng mas mataas na antas ng pagsasanay sa mga guro upang mapabuti ang kanilang kasanayan sa pagtuturo. Ang pagpapalakas ng kurikulum sa Filipino ay isa ring layunin, na naglalayong magbigay ng mas masusing pag-aaral at pag-unawa sa mga mag-aaral.*

*Higit sa lahat, layunin ng papel na ito na bumuo ng planong pagpapaunlad ng estratehiya ng mga guro sa pagtuturo ng asignaturang Filipino. Ang isang masusing plano ay makatutulong sa mga guro na mapahusay ang kanilang mga kakayahan at matutunan ang mga makabagong pamamaraan sa pagtuturo. Ang pag-aaral na ito ay nagbibigay ng mahalagang impormasyon*

*para sa mga tagapangasiwa ng edukasyon, na makatutulong upang mapabuti ang kalidad ng pagtuturo at pagkatuto sa asignaturang Filipino.*

*Sa kabuuan, ang pag-aaral na ito ay nagbibigay ng kritikal na pagsusuri sa antas ng kahusayan ng mga guro sa Filipino at ang epekto nito sa akademikong pagganap ng mga estudyante. Ang mga natuklasan at rekomendasyon nito ay maaaring magsilbing batayan para sa mga susunod na hakbang sa pagpapabuti ng sistema ng edukasyon sa bansa, na nakatuon sa pagpapalakas ng kasanayan sa wikang Filipino.*

***Susing Salita***

*Sosyolingwistiko, Wika, Edukasyon, at Filipino*

**Panimula**

Perceived gap: Nais ng pag-aaral na ito na matugunan ang mga pambansang isyu hinggil sa kakayahan ng mga guro sa asignaturang Filipino batay sa Professional Standards for Teachers in the Philippines. Sa pag-aaral na ito, pagtutuunan natin ng pansin ang pagtalakay sa kahalagahan ng malinaw na pagsasalita at pag-unawa sa paggamit ng wikang Filipino bilang pangunahing wika. Maraming unibersidad ang walang tamang pagsasanay sa purong wika bilang midyum ng pagtuturo sa proseso ng pagkatuto at pagtuturo nito.

**Metodolohiya**

Ang pag-aaral na ito ay naglalayong tuklasin ang kahusayan ng mga guro sa Filipino, ang akademikong pagganap ng kanilang mga estudyante, at ang relasyon ng dalawang baryabol gamit ang deskriptibong kwantitatibong disenyo. Nangalap ito ng 25 guro at 25 mag-aaral mula sa Philippine Christian University, Manila, at Dasmarinas, Cavite sa taong 2023-2024, gamit ang cluster sampling. Ang instrumento ng pananaliksik ay isang sarbey kwestyoner na nakabatay sa PPST, na ipinatibay ng tatlong eksperto sa larangan. Ang mga datos ay kokolektahin sa pamamagitan ng online na pagsusulit gamit ang Google Form at susuriin gamit ang istatistika upang makuha ang Mean at Standard Deviation, na magbibigay-daan sa paggawa ng mga konklusyon batay sa mga sagot ng mga respondente.

**Resulta**

Ang pangunahing layunin ng pag-aaral ay makita ang kahusayan ng mga guro sa Filipino pagdating sa pag-unawa sa pagbabasa, istruktura ng wika, at pasulat na pagpapahayag. Layunin din ng pag-aaral na makita ang akademikong pagganap sa Filipino ng mga estudyante at tingnan kung may relasyon ba ang dalawang baryabol na nabanggit. Higit sa lahat, layunin ng papel na ito na bumuo ng planong pagpapaunlad ng estratehiya ng mga guro sa pagtuturo ng asignaturang Filipino

**1. Ano ang antas ng kakayahan ng mga guro ng Filipino sa mga tuntunin ng:**

1.1 Kaalaman sa Nilalaman at Pedagohiya

1.2 Kaligiran ng Pag aaral

1.3 Iba't ibang Uri ng Mag-aaral

1.4 Kurikulum at Pagpaplano

1.5 Pagtatasa at Pag uulat

1.6 Mga Pag uugnay sa Komunidad at Propesyonal na Pakikipag-ugnayan

1.7 Personal na Paglago at Propesyonal na Pag-unlad

Ang Antas ng Kakayahan ng mga Guro ng Filipino sa inaasahang makamit na weighted mean na 3.50 na may interpretasyon na Mas Mahusay na Guro. Ang pangkalahatang resulta base sa konklusyon ng antas ng kakayahan ng mag-aaral sa kaaalaman sa nilalaman at pedagohiya. Samantala, ang weighted mean na 3.36 na may interpretasyon na Mahusay na Guro dahil sa kaalaman sa nilalaman at ang aplikasyon nito sa loob at sa iba't ibang bahagi ng kurikulum.

***2. Ano ang antas ng ebalwasyon ng mga mag aaral tungo sa mga guro ng Filipino sa mga tuntunin ng:***

2.1 Paghahatid ng mga Aralin

2.2 Pamamahala ng Silid aralan

2.3 Pagtatasa sa Silid aralan

Madalas ang resulta ay may weighted mean na 4.11 na Madalas dahil sa naipapaliwanag nang malinaw ang aralin. Samantala,4.04 ang madalas dahil naibubuod ang aralin sa pagtatapos ng klase.

**3. May makabuluhang kaugnayan ba ang antas ng kakayahan ng mga guro ng Filipino sa antas ng pagsusuri ng mga mag aaral?**

Taong 2012 nang ipatupad ang K to 12 Kurikulum ng Departamento ng Edukasyon, Idinagdag ang Mother Tongue na sabjek na kung saan, ituturo ang mga asignatura sa elementarya sa kanilang diyalekto. Sa kabila ng multi-lengguwaheng dulog ng Kagawaran ng Edukasyon, wala pa ring mga bagong programa para sa pagpapaunlad ng ating wikang Pambansa. Dito masusubok ang tatag at pasensya ng mga guro sa pagtuturo ng Filipino. Maraming Filipino ngayon ang hirap sa paggamit ng Filipino, pasulat man o pasalita

Lumalabas sa obserbasyon na patuloy ang pagsasawalang-bahala at pagkikibit ng balikat ng mga mag-aaral at ilang mga guro na mas binibigyang-pansin pa rin ang pag-aaral ng Ingles sa paniniwalang mas nagpapakita ito ng katalinuhan ng isang tao kaysa magpakadalubhasa sa sariling wika, ayon na rin sa kinasanayan ng ating lipunan.

**4. Batay sa mga natuklasan ng pag aaral, anong programang pangkaunlaran ang maaaring ipanukala?**

Mga Programang Pangkaunlaran na maaariing ipanukala:

- In-Service Training sa mga guro katulad ng Counselling, Professional Development, Dealing with Behavior and Learning Strategies.
- Training Workshop katulad ng Multiple Intelligences, Learning Style, Thinking Skills, Cooperative Learning
- Professional Development upang mapaunlad ang kaalaman, pagpapayo, pag-aaral at pagmumuni-muni.

## Diskusyon

Upang mapataas ang antas ng kahusayan ng mga guro sa asignaturang Filipino, mahalagang pagbutihin ang kanilang Content Knowledge at Pedagogy sa pamamagitan ng research-based na kaalaman, pati na rin ang Learning Environment sa pagpapatupad ng patas na kapaligiran sa pagkatuto. Dapat ding isaalang-alang ang Diversity of Learners, kasama ang mga lingguwistiko, kultural, sosyo-ekonomiko, at relihiyosong background ng mga mag-aaral, kasama na ang mga may kapansanan at mga katutubong grupo. Bukod dito, kinakailangang pagbutihin ang Curriculum at Planning upang maging naaayon ang proseso ng pagtuturo sa mga kakayahan ng mga estudyante. Mahalaga rin ang Pagtatasa at Pag-uulat para sa pagbibigay ng feedback na makatutulong sa pag-unlad ng mag-aaral, pati na rin ang Community Linkages at Professional Engagement sa pamamagitan ng pakikilahok ng mga magulang at komunidad sa edukasyon. Higit sa lahat, dapat pagtuunan ng guro ang Personal Growth at Professional Development. Ang ebalwasyon ng mga mag-aaral sa mga guro ng Filipino ay nagpapakita ng pangangailangan sa pagpapabuti ng Delivery of Lesson, Pamamahala ng Silid-aralan, at Assessment, na may kaugnayan sa antas ng kakayahan ng guro sa mga nabanggit na aspekto. May makabuluhang ugnayan ang pagsusuri ng mga mag-aaral sa mga aspetong ito, na nagpapakita ng koneksyon sa Content Knowledge at Pedagogy, Learning Environment, Diversity of Learners, at iba pang mahahalagang bahagi ng pagtuturo.

## Sanggunian

Amrein-Beardsley, A., Pivovarova, M., & Geiger, T. J. (2016). Value-added models. Phi Delta Kappan, 98(2), 35–40. https://doi.org/10.1177/0031721716671904

Santos, Z. J. T. (2020, January 1). *Wika at Neoliberal na Edukasyon sa Pilipinas.* | *Daluyan: Journal ng Wikang Filipino* | *EBSCOhost* https://openurl.ebsco.com/EPDB%3Agcd%3A11%3A29

179083/detail v2?sid=ebsco%3Aplink%3Aschola r&id=ebsco%3Agcd%3A15228394 5&crl=c

*NETRC – NATIONAL EDUCATION TESTING AND RESEARCH CENTER*

https://www.deped.gov.ph/wp-content/uplo ads/2018/10/DM_s2008_026.pdf

Hanushele 2017https://www.researchgate.net/publication/3 60962445_Academic_Stress_and_Seeking-support_Coping_Style_Among_Students

*GRSLSS*. (n.d.). https://personality-project.org/other s/heineman/GRSLSS.HTM

Pacific World School Education. (2023, April 20). The Role of Teachers in Student Success - Pacific World School Education - Medium. Mediumhttps://medium.com/@pacificworldschool Education/the-role-of-teachers-in-student-success-4fc53bd9d8a3

Inquirer, P. D. (2023, June 13). Why the Filipino subject shouldn't be removed from college curriculum | Inquirer Opinion. INQUIRER.net. https://opinion.inquirer.net/163989/why-th e-filipino-subject-shouldnt-be-removed-fro m-college-curriculum

Hawker College. (n.d.). 2020 course options. https://www.hawkerc.act.edu.au/hwkc_arc hived_content/2021_archive_content/our_curriculum/course_options

CURRICULUM DEVELOPMENT: curriculum planning. (2021, March 18). [Slide show]. SlideShare. https://www.slideshare.net/slideshow/curri culum-development-curriculum-planning/ 244637103

G. Villanueva https://www.researchgate.net/scientific-co ntributions/Maria-Beatriz-G-Villanueva-34 757691

Effective Teaching of Teachers, Self-Regulation, and Study Habits among Students: Structural Equation Model on Learning of Filipino https://www.researchgate.net/publication/3 68348716_Effective_Teaching_of_Teacher s_Self-Regulation_and_Study_Habits_am ong_Students_Structural_Equation_Model _on_Learning_of_Filipino

NYU Steinhardt. (n.d.). NYU Steinhardt. https://steinhardt.nyu.edu/

Villanueva, M. (n.d.). Using Data-To-Care strategies to optimize the HIV care continuum in Connecticut: results from a randomized con. Yale School of Medicine. https://medicine.yale.edu/profile/mercedita s-villanueva/